Patakaran sa Tulong Pinansyal - Buod na Nakasaad sa Simpleng Wika

(Financial Assistance Policy – Plain Language Summary)

Tulong Pinansyal

Sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ng Stanford, nag-aalok ang Stanford ng tulong pinansyal sa mga kwalipikadong pasyenteng hindi makapagbayad para sa pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga. Ang isang indibidwal na kwalipikado para sa tulong pinansyal ay hindi maaaring singilin ng higit sa mga halagang pangkalahatang sinisingil para sa pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga. Sa katunayan, nalalampasan ng Stanford ang pamantayang ito at 100% ang sinasaklaw nitong tulong pinansyal. Ang mga pasyenteng pinipili ang Stanford ay nakikinabang sa aming track record ng mahusay na kalidad, pagmamalasakit, at koordinasyon ng pangangalaga, kasama ang pinakahigit na advanced at nangungunang medikal na pangangalagang available. Kabilang sa tinutukoy sa "Stanford" ang Stanford Health Care at Stanford Health Care - Tri-Valley.

Mga Kinakailangan sa Pagiging Kwalipikado

Nakatuon ang Stanford sa pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga kwalipikadong pasyente na mababa ang kita at pasyenteng may insurance na nag-aatas sa pasyente na magbayad ng malaking bahagi ng kanilang pangangalaga.

Ang mga pasyenteng naghahanap ng tulong pinansyal ay dapat sumunod sa proseso ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal. Sa panahon ng pagproseso sa aplikasyon, hihilingin sa iyong magbigay ng impormasyon tungkol sa saklaw ng insurance mo o iba pang pagkukunan ng bayad, buwan-buwang kita, bilang ng mga tao sa sambahayan, at iba pang impormasyong makakatulong sa Stanford sa pagtukoy kung kwalipikado ka para sa Tulong Pinansyal. Kabilang dito ang pagsusumite ng pahayag sa W-2, mga kasalukuyang pay stub, mga bank statement, o income tax return noong nakaraang taon ng pasyente, at pagkumpleto sa proseso ng aplikasyon para sa lahat ng available na pagkukunan ng tulong, kabilang ang pangangalagang pinondohan ng estado (Medi-cal). Responsibilidad mo ang pagbibigay ng kinakailangang impormasyon nang napapanahon. Pagkatapos mong isumite ang aplikasyon, susuriin ng ospital ang impormasyon at aabisuhan ka sa pamamagitan ng sulat kaugnay ng iyong pagiging kwalipikado.

Kung ang iyong taunang kita ay mas mababa sa o katumbas ng 400% ng kasalukuyang Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan, maaaring hindi mo na kailangang bayaran ang iyong bill. Makikita ang Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan (Federal Poverty Guidelines) sa: https://aspe.hhs.gov/poverty-guidelines.

Hindi saklaw ng Tulong Pinansyal ang mga gastos tulad ng pagbiyahe, pagkain, panunuluyan, at matibay na medikal na kagamitan.

Papanatilihin ng Stanford ang pagiging kumpidensyal at dignidad ng bawat pasyente. Ang anumang impormasyong isinumite para maisaalang-alang kaugnay ng pagbibigay ng tulong pinansyal ay ituturing na pinoprotektahang impormasyon tungkol sa kalusugan sa ilalim ng Batas sa Portabilidad at Pananagutan sa Health Insurance (Health Insurance Portability and Accountability Act o HIPPA).

Paano Mag-apply para sa Tulong

Ang pasyente o sinumang taong nauugnay sa pangangalaga ng pasyente, kabilang ang isang miyembro ng pamilya o provider, ay maaaring magpahayag ng mga pinansyal na alalahanin anumang oras. Kailangang magsumite ng aplikasyon para maging kwalipikado para sa tulong pinansyal. Maaari kang mag-apply para sa tulong sa iyong bill nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o online sa https://myhealth.stanfordhealthcare.org. Sa ilang sitwasyon, ipinagpapalagay na maaari kang makatanggap ng tulong mula sa Stanford nang hindi nag-a-apply.

Saan Makukuha ang Mga Dokumento

Makukuha ang Patakaran sa Tulong Pinansyal ng Stanford, Aplikasyon sa Tulong Pinansyal, at Buod na Nakasaad sa Simpleng Wika nang walang bayad. Maa-access ang mga dokumentong ito sa maraming wika online, sa pamamagitan ng telepono, o sa personal. Tutulungan ka rin namin sa pagsasalin sa iba pang wika, kung kinakailangan.

Para humiling ng tulong sa proseso ng aplikasyon o para makakuha o mag-pick up ng mga libreng kopya ng anumang dokumento ng Tulong Pinansyal, bisitahin kami o makipag-ugnayan sa amin sa:

Stanford Health Care 500 Pasteur Lane Palo Alto, CA 94303 **Customer Service Billing** Telepono: (800) 549-3720 M-F 9:00AM - 5:00 PM www.stanfordhealthcare.org/financialassistance	**Stanford Health Care – Tri-Valley** 5555 W Las Positas Blvd Pleasanton, CA 94588 **Customer Service Billing** Telepono: (800) 549-3720 M-F 9:00AM - 5:00 PM https://stanfordhealthcare.org/tri-valley/patients-and-visitors/financial-assistance.html

Mga Aktibidad sa Paniningil

Maaaring gumamit ng makatwirang pagsisikap sa paniningil ang Stanford para makakolekta ng bayad sa mga pasyente. Kabilang sa mga karaniwang aktibidad sa paniningil ang paglalabas ng mga pahayag ng pag-ako ng pasyente, tawag sa telepono, at referral ng mga pahayag na ipinadala sa pasyente o guarantor. Ang mga bill na hindi pa nabayaran 120 araw pagkatapos ng unang petsa ng pagsingil ay maaaring padaanin sa ahensyang naniningil. Hindi magsasagawa ang Stanford o mga ahensyang naniningil ng anumang hindi karaniwang paniningil (gaya ng inilalarawan sa Patakaran sa Paniningil ng Utang ng SHC at Patakaran sa Paniningil ng Utang ng SHC – Tri-Valley).

Para makakuha ng libreng kopya ng Patakaran sa Paniningil ng Utang ng SHC, bumisita sa: www.stanfordhealthcare.org/financialassistance

Para makakuha ng libreng kopya ng Patakaran sa Paniningil ng Utang ng SHC – Tri-Valley, bumisita sa: https://stanfordhealthcare.org/tri-valley/patients-and-visitors/financial-assistance.html

Huling Na-update Noong: Setyembre 2023